# Ano ang Talahanayang Three-by-Five?

California School DASHBOARD

Toolkit ng 2025 Dashboard

Ipinapakita ng Dashboard ng mga Paaralan sa California (Dashboard) ang pagganap ng mga lokal na ahensyang pang-edukasyon (LEA), mga paaralan, at mga grupo ng estudyante batay sa isang hanay ng mga pambansang tagapagpahiwatig na tumutulong sa pagtukoy ng mga kalakasan, kahinaan, at mga bahagi na nangangailangan ng pagpapabuti. Karaniwang tinutukoy ang pagganap para sa mga tagapagpahiwatig ng estado gamit ang isang talahayanang five-by-five na may kulay, na nagbibigay ng isa sa limang Antas ng Pagganap (o kulay): Pula, Kahel, Dilaw, Berde, o Asul.

Gayunpaman, sa mga pagkakataong maliit ang bilang ng mga estudyante sa denominator ng isang tagapagpahiwatig para sa LEA, paaralan, o grupo ng estudyante, gumagamit ang Dashboard ng talahayanang three-by-five na may kulay upang tukuyin ang pagganap. Nakakatulong ang talahayanang three-by-five na maiwasan ang malalaking pagbabago sa datos taon-taon na dulot ng resulta ng iilang estudyante lamang, na maaaring humantong sa maling paglalagay ng masyadong maraming paaralan sa Antas ng Pagganap na Pula o Asul.

Para sa Dashboard ng 2025, ilalapat ang talahayanang three-by-five sa mga sumusunod na tagapagpahiwatig batay sa bilang ng mga estudyanteng kasama sa denominator.

**Palagiang Pagliban sa Klase**
Kung mas kaunti sa 150 estudyante ngayong taon ang nakakatugon sa kinakailangang kwalipikadong pagpapatala

**Rate ng Suspensyon**
Kung mas kaunti sa 150 ang kabuoang bilang ng mga estudyanteng nagpatala sa kasalukuyang taon

**Rate ng Pagtatapos**
Kung mas kaunti sa 150 estudyante ngayong taon ang kabilang sa pinagsamang apat na taon at limang taong rate ng pagtatapos

**Kahandaan sa Kolehiyo/Karera**
Kung ang pinagsamang bilang ng mga estudyante sa apat na taong rate ng pagtatapos at mga nagtapos sa ikalimang taon na nakatugon sa antas na Handa ay mas kaunti sa 150 estudyante ngayong taon

Ang talahayanang three-by-five na may kulay ay nilikha sa pamamagitan ng pag-aalis ng dalawang antas ng Pagbabago, Malaking Pagtaas at Malaking Pagbaba, upang maiwasan ang labis na pagbabago ng resulta kapag maliit ang bilang ng mga estudyante sa denominator. Ang talahanayan sa ibaba ay isang halimbawa ng talahayanang three-by-five.

| Antas | Pagbabago: Bumaba | Pagbabago: Nananatili | Pagbabago: Tumaas |
|---|---|---|---|
| Napakataas | Berde | Asul | Asul |
| Mataas | Dilaw | Berde | Berde |
| Katamtaman | Kahel | Dilaw | Berde |
| Mababa | Kahel | Kahel | Dilaw |
| Napakababa | Pula | Pula | Kahel |

Para sa impormasyon hinggil sa talahayanang five-by-five na may kulay, sumangguni sa polyetong Kung Paano Natutukoy ang mga Kulay sa Dashboard (How Dashboard Colors are Determined) na matatagpuan sa web page ng Kagawaran ng Edukasyon ng California (CDE) Dashboard ng Toolkit ng Komunikasyon.

Upang ma-access ang mga talahanayang three-by-five para sa mga tagapagpahiwatig na nabanggit sa itaas, pumunta sa webpage ng Mga Sanggunian sa Dashboard ng CDE sa ilalim ng tab na Teknikal na Impormasyon (Technical Information).

Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang webpage ng Dashboard ng Paaralan sa California at Sistema ng Suporta ng CDE.

Kontakin ang Dibisyon ng Pag-uulat ng Analysis, Pagsukat, at Pananagutan sa pamamagitan ng email sa dashboard@cde.ca.gov.

Agosto 2025